

Ang mga Paralisdis ni Inday Faustina

Eugene Y. Evasco
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
eyevasco@up.edu.ph

Sa sulok ng malayong haraya, matatagpuan ang mga lilang nilalang. Tila isang palaruan dito, tila isang perya. Naghihintay ang mga paralisdis na may umangking bata sa kanila. Lagi nilang hinihiling na mabigyan sila ng sariling anyo at pangalan.

Wala sa anumang diksiyonaryo ang salitang “paralisdis.” Walang sinuman ang makapagbibigay ng kahulugan dito. Hindi pa ito batid ng marami. Pero kilala sila ng mga bata. Itanong mo pa sa kanila.

Kinukupkop ni Inday Faustina ang mga paralisdis. Isa siyang maestra ngunit nais niyang tawaging siyang Inday. Mas malambing kasi ito sa pandinig. Siya ang nagsasanay sa mga paralisdis sa sining ng paglalaro at siyensiya ng pang-aaliw.

“Pagbutihan ninyo, mga paralisdis. Sa inyo nakasalalay ang kaligayahan ng mga bata.” Ito ang laging payo ni Inday Faustina.

Nagpapagalingan ang mga paralisdis. Lagi silang handa sa anumang bilin at hamon ng kanilang Inday Faustina. May paralisdis na nagsasanay maging kaibigan—handang makinig sa anumang oras. May bihasa naman sa pagpapatahan ng mga matampuhing bata. May magagaling namang sumuyo sa batang nasanay mag-isa.

May paralisdis na kilala sa pagpapalakas ng loob. Binibigyan nila ng tapang ang bata na nakapagtanghal sa entablado o kaya’y sumubok ng bagong hilig. May magagaling na tagaalo kapag natatakot ang bata—sa dilim, sa dentista, at sa nagsasayaw na kortina sa gabi.

Sa simula, magkakamukha ang mga kulay-lilang paralisdis. Iisa ang kanilang mga hulma kaya imposibleng mabigyan sila ng palayaw. Pero kapag sila’y hiniling at pinangarap ng sinumang bata, magbabago ang kanilang mga anyo at pangalan.

May paralisdis na nagiging perpektong kaibigan ng bata. May nagiging anghel.

May nagiging diwata, may nagiging payaso.

May nagiging maamong alagang hayop, kawangis ng isang malambing na kuting o kaya’y masiglang tuta.

Pero kinatatakutan ng mga paralisdis ang maging halimaw.

“Hindi ko kayo inalagaan,” babala lagi ni Inday Faustina, “para maging halimaw. Huwag na huwag kayong mananakot ng mga bata.”

Sa malikot na isip ng mga bata, nawawala ang pagka-paralisdis ng mga lilang nilalang.

“Nagiging totoo kayo,” pangaral ni Inday Faustina, “kapag may batang lubos na naniwala sa inyo.” Ngunit mayroon siyang hindi naikuwento sa mga alagang paralisdis. At ganito ang nangyari:

Nakahanap na ng tunay na kaibigan ang bata. Huwag na natin siyang pangalanan. Mas mahalaga ang kuwento ng isang paralisdis na nakilala at minahal bilang “Geronimo.”

Mahiyain ang batang lalaki. Hindi niya kayang tumingin sa mga mata ng kinakausap. Nanginginig siya sa kapag nasa swimming pool at palaruan na maraming bata. Nag-iisa siyang anak. Walang alam na anumang

laro. Patpatin ang kaniyang mga binting hindi kilala ang takbuhan, luksong-tinik, at palosebo.

“Gusto ko ng kaibigan,” hiling ng bata bago matulog. “Sana lagi ko siyang kasama.”

Agad-agad, lumitaw sa isang madilim na sulok ang paralisdis.

“Huwag mong kalilimutan ang mga itinuro ko,” pahabol na payo ni Inday Faustina sa nahiling na paralisdis.

Sa saglit ding iyon, may kasa-kasama na ang bata. Unti-unting nahulma’t nalilok ang paralisdis sa anyong nais ng bata.

“Kay tagal kitang hinintay,” sabi ng bata sa paralisdis.

“Akala ko, hindi mo na ako hihilingin,” naiiyak sa tuwang sabi ng paralisdis.

“Mula ngayon, Geronimo ang iyong magiging pangalan.”

“Kay gandang pangalan,” sabi ng paralisdis.

“Pangalan iyan ng aking lolo sa tuhod,” paliwanag ng bata. “Hindi ko na siya naabutang buhay. Sa mga larawan ko lang siya nakita.”

Sa simula, hindi pa nila alam ang gagawin. Nagkakaahiyaan pa sila gaya ng sinumang may papausbong na pagkakaibigan. Noon lamang sila kasi nagkaroon ng kaibigan.

Sinimulan ni Geronimo ang pagpapakitang-gilas. Kay tagal niyang hinintay ang pagkakataong ito at ayaw niyang magsayang ng panahon. “Pumunta tayo sa gubat. Umakyat tayo ng bundok. Lumangoy tayo sa ilog,” sunod-sunod na anyaya niya sa bata.

“Hinay-hinay lang,” sabi ng natatawang bata. “Hindi tayo mauubusan ng oras.”

Magmula noon, may kasama nang matulog ang bata. Hindi na siya natatakot sa mga sumasayaw na anino sa dingding. Hindi na siya naiihi sa kama kapag natutulog. Tumapang siya sa dilim. Hindi na siya takot mag-isa.

Higit sa lahat, hindi na siya nag-iisa.

Sa mga umaga, kapag abala sa opisina ang magulang ng bata, maglalaro sila ni Geronimo. Hindi nila kailangan pa ng mga laruang nabibili sa mall. Lumilikha sila ng sariling laruan mula sa lumang resibo, iba't ibang dahon, at makukulay na piraso ng porselana.

Patagal nang patagal, tumitibay ang kanilang pagkakaibigan.

Sa hardin, pinagtutulungan nilang gumawa ng kuwintas ng pinagdikit-dikit na mala-bituing bulaklak ng Doña Aurora. Tinitipon nila ang mga bunga ng pumutok na kapok bago pa ito tuluyang tangayin ng hangin. Gagawin nila itong palaman sa mga unan.

Hilig ng magkaibigan na magmeryenda ng suman sa sanga ng punong mangga. Kapag mainit ang tanghali, mamamahinga sila sa lilim ng punong iyon at magbabasa ng paboritong aklat.

Sa gabi, kapag patay na ang mga ilaw, aakyat sila sa bubungan. Titingala sila sa langit at pagmamasdan ang mga nabubuong anyo ng mga bituin. Kung masuwerte sila, may sorpresang bulalakaw silang makikita.

“Humiling tayo!” agad na sabi ng bata.

Agad namang sasagot si Geronimo. “Natupad na ang hiling ko.”

Sa simula, labis ang galak ng magulang ng bata. Hindi na matatakutin ang kanilang anak. Hindi na siya iyakin at matampuhin. Nagkakulay ang dating maputlang pisngi nito dahil nahahalikan na ng sinag-araw.

Sa mga gabi, naririnig nilang masayang tumitili ang anak. Waring may kinakausap siya. Magtataka sila. Pagbukas ng pinto, makikita nilang waring dinaanan ng bagyo ang silid ng anak.

Para sa magkaibigan, ang kama ay isang lihim na isla. Ang mga unan ay mga kaibigan nilang butanding at lumba-lumba. Ang kumot ay daluyong na nais lamunin ang barko. At sila ni Geronimo'y magkatuwang na kapitan ng barko.

“Anak, sino ba ang kausap mo?” pagtataka ng mga magulang.

Hindi sasagot ang bata. Magkakatinginan lang sila ni Geronimo at saka magtatawanan.

Labis na nabahala ang magulang ng bata. Kumpara sa ibang bata, masaya sa pag-iisa ang kanilang anak. Ang hindi nila alam, may kaibigan itong laging kasa-kasama. Isang kaibigang nagngangalang Geronimo.

Kung ano-ano ang ginawa nilang paraan upang mahikayat ang anak na lumabas at makakilala ng ibang tunay na bata.

Dalawang linggong nagbakasyon ng tatlong pinsan ng bata sa kanilang tahanan noong tag-init. Bakasyon iyong umaapaw sa laro, eksperimento, at bunong-braso.

Ipinatala nila ang anak sa iba't ibang klase—biyulin, swimming, at hip-hop.

Kapag Sabado, isinasama ang bata ng kaniyang magulang sa parke, aklatan, at mga museo.

Hindi naglaon, paunti-unting nanumbalik sa orihinal nitong anyo ang paralisdis na pinangalanang Geronimo. Naging kulay-lila muli siya. Nagmumukmok siya sa isang madilim na sulok. Minsan, nasa ilalim siya ng ropero, kapiling ang mga libaging kamiseta, mapanghing salawal, at maanghot na medyas. Ayaw niyang gumalaw at baka mapagkamalan siyang halimaw.

May mga gabing nasa ilalim lang siya ng kama. Doon, doon siya matiyagang naghihintay na tawaging muli ng kaibigan. Kay sarap palang pakinggan ng kaniyang pangalan.

Sa paglipas ng mga taon, paliit nang paliit ang paralisdís. Nalimot siya ng bata nang nagkaroon ito ng kapatid na sanggol na pinangalanan ding Geronimo. Tuluyang nabura ang paralisdís nang nagkaroon ang bata ng matalik na kaibigan— isang batang nakikita ng karaniwang mga mata. Nanatiling guniguni na lang ang dating Geronimo. Nais ng bata ng totoong kaibigang magdudulot ng pananabik, kaba, at giliw. Isang kaibigang nagpapabilis sa tibok ng puso niya.

“Kung kailangan mo ako, nandito lang ako,” pamamaalam ng paralisdís sa batang minsang minahal siya. “Alam mo kung saan ako hahanapin.”

Tuluyan nang naglaho ang paralisdís sa buhay ng bata. Nagkaedad na ang bata at naglilingkod sa pagawaan ng mga de-kahong ligaya. Tanging pahinga niya’y umidlip sa napakupad na biyahe sa ilog ng mga bugnutin at hikaing sasakyan.

Sa paglipas ng mga taon, naging bolang agiw ang paralisdís sa isang limot na sulok. Naging mantsa siya sa pader, kasing-itim ng hatinggabing walang mga bituin.

Inaabangan niyang muling tawagin ang kanilang pangalan. Patuloy siyang naghihintay pero walang dumating at nakaalala.

Napapansin kong nangingilid na ang inyong luha. May ilang humagulgol at humihikbi pa yata. Pero nagagalak akong sabihing hindi malungkot ang wakas nitong ating kuwento.

Mula sa dakong iyon ng haraya, susuyurin ni Inday Faustina ang sulok sa mga silid ng minsang naging bata.

Hahanapin niya ang iba pang paralisdis na palaboy-laboy, iniwan, at itinapon. Titipunin niya ang mga ligaw na paralisdis na kaanyo ng makapal na alikabok at naghugis-bolang agiw. Isisilid niya ito sa kaniyang bulsa.

Iuuwi niya ang mga naipon. At kahanga-hanga ang magiging eksena: sa inawit na panalangin ni Inday Faustina, muling mabubuhay ang natipong alikabok. Magkakahugis silang muli at titingkad ang kulay lila nilang balat.

Maglulundagan, maglalambitin, at mag-iinat muli ang mga paralisdis. Wari silang mga bagong-silang. Tila napahaba lamang ang kanilang pag-idlip.

At doon, doon sa malayong sulok ng haraya, muling mag-aabang si Inday Faustina at ang mga paralisdis. Sabik na sabik silang maghihintay sa mga bagong batang maghahanap ng makakalaro at makakasama.

Maghihintay silang muli sa mga batang handang maniwala at handang magbigay ng isang napakarikit na pangalan—*kaibigan*.

*Propesor ng malikhaing pagsulat at panitikang pambata si **Eugene Y. Evasco** sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kabilang siya sa Hall of Fame ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature at ginawaran ng Dangal ng Panitikan 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino.*